# Pagkuha ng Kaalaman Tungkol sa California School Dashboard

Ang California School Dashboard (https://www.caschooldashboard.org) ay isang online na kasangkapan na idinisenyo upang tulungan ang mga komunidad sa buong estado na makuha ang mahalagang impormasyon tungkol sa mga paaralan na K-12 at mga distrito. Ang Dashboard ay nagtataglay ng madaling-basahing mga ulat tungkol sa maraming panukat ng tagumpay ng paaralan. Ang Dashboard ay isang hakbang lamang sa isang serye ng mga pagbabago na nagtaas ng sukatan para sa pagkatuto ng estudyante, binago ang pagsubok, at nagtaas ng pokus sa pagiging pantay.

## 11 Panukat ng Tagumpay ng Paaralan


### Mga Panukat ng Estado

**Anim** na panukat ng estado ang nagpapahintulot ng mga paghahambing sa mga paaralan at distrito batay sa impormasyong natipon sa buong estado.

- **Dami ng Nagtatapos sa Mataas na Paaralan**
- **Pagganap sa Akademiko**
- **Dami ng Pagsuspinde**
- **Progreso ng Nag-aaral ng Ingles**
- **Kahandaan sa Kolehiyo/Karera**
- **Madalas na Pagliban**

Ang mga resulta ay inihaharap para sa lahat ng distrito, paaralan, at nililinaw ang mga grupo ng estudyante (halimbawa, mga grupo ng lahi, mababa ang kita, mga nag-aaral ng Ingles, walang-bahay, tinatangkilik na kabataan, mga estudyanteng may kapansanan).

Ang mga paaralan at distrito ay tumatanggap ng isa sa limang isinakodigo-sa-kulay na mga antas ng pagganap sa bawat isa ng anim na panukat ng estado.




Ang antas ng pagganap (kulay) ay batay sa mga datos ng kasalukuyan at naunang taon.

### Mga Lokal na Panukat

**Limang** na lokal na panukat ang batay sa impormasyong natipon ng mga distrito, mga opisina sa edukasyon ng county, at mga charter na paaralan.

- **Mga Basikong Kalagayan**
  - Ang mga kuwalipikasyon ng guro, ligtas at malilinis na gusali, mga aklat-aralin para sa lahat ng estudyante
- **Pagpapatupad ng mga Pamantayan sa Akademiko**
- **Mga Survey ng Klima ng Paaralan**
  - Kaligtasan ng estudyante, koneksiyon sa paaralan
- **Paglahok at Pakikipagtulungan ng Magulang**
- **Kakayahang Makakuha ng mga Kurso**

Ang mga distrito ay tumatanggap ng isa sa tatlong pagmarka para sa bawat isa ng limang na lokal na panukat:

- Natugunan
- Hindi Natugunan
- Hindi Natugunan sa Dalawang Taon

Ang impormasyon tungkol sa paaralan at grupo ng estudyante ay hindi makukuha ng mga lokal na panukat.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang pahina sa web ng California Accountability Model & School Dashboard sa https://www.cde.ca.gov/ta/ac/cm/index.asp.

Oktubre 2019

Tagalog